# ALAM NA NG DIYOS ANG GAGAWIN

A Lord's Flock General Assembly Topic

Ni: Sis. Techie "Soar" M. Rodriguez

Disyembre 16, 2023

Si Jesus, kasama ang Kanyang mga alagad, ay nagturo sa Lawa ng Galilea sa napakaraming tao dahil sa Kanyang mga kamangha-manghang mga gawa. "Malapit na noon ang Pista ng Paskuwa ng mga Judio. Tumanaw si Jesus at nang makita Niyang dumarating ang napakaraming tao, tinanong niya si Felipe, "Saan kaya tayo makabibili ng tinapay upang makakain ang mga taong ito?" (Juan 6:4-6) Sinabi Niya iyon upang subukin si Felipe, sapagkat alam na Niya ang kanyang gagawin." Katulad nito, ngayon, pinahihintulutan tayo ng Diyos na makaranas ng mga suliranin o pasanin sa krus na angkop sa ating kakayahan. Alam ng Panginoon ang Kanyang mga ginagawa.

**1. Alam na Niya kung ano ang gagawin sa mga sitwasyong ito:**

1.1 Ang himala ng pagpaparami ng tinapay at isda ay nangyari nang ibigay ni Felipe kay Jesus ang tanghalian ng isang batang lalaki na limang (5) pirasong tinapay at dalawang isda. Kaya naman, napakain nito ang mahigit na limang-libong (5,000)tao.

1.2. Hiniling kay Jesus na pumunta kay Lazaro, ang Kanyang minamahal na kaibigan na may sakit, upang pagalingin siya. Ngunit, Kanyang sinadya na hindi kaagad magtungo upang sila ay maniwala sa Kanyang gagawin. Sinabi Niya sa kanila, "Hindi niya ikamamatay ang sakit na ito. Nangyari iyon upang maparangalan ang Diyos at sa pamamagitan nito'y maparangalan ang Anak ng Diyos." (Juan 11:4).

1.3. Nang inutusan ni Jesus si Pedro na ihagis ang lambat, Si Pedro ay nag-alinlangan noong una; gayunpaman, sumunod siya kay Hesus. "Ihulog ninyo ang lambat sa gawing kanan ng bangka at makahuhuli kayo," sabi ni Jesus. Inihulog nga nila ang lambat at nang hilahin nila ito ay hindi nila makaya sa dami ng huli." (Juan 21:6). Nang si Pedro ay sumunod sa Kanya, dito naipahiwatig ang kanyang pagtitiwala sa kabila ng kanyang pagdududa at kawalan ng katiyakan. Samakatuwid, kapag may ipinagagawa sa atin ang Diyos, huwag tayong mag-antala, kahit na tayo ay nasa sitwasyong mukhang imposible; May mas magandang plano Siya para sa atin.

**2. Ano ang magagawa natin upang makita na ang Diyos ay kumikilos?**

2.1 Sumunod nang mabuti kay Jesus. Basahin ang Kasulatan araw at gabi. Ang pagdarasal at pakikipag-usap sa Diyos ay humahantong sa mas malalim na pakikipag-ugnayan sa Kanya.

2.2 Gawin kung ano mismo ang nais ng Panginoon na gawin natin. Hiniling ni Inang Maria kay Jesus na gawing alak ang simpleng tubig sa kasalan sa Cana. Noong una, tumugon si Jesus na hindi pa oras. Si Maria ay may pagtitiwala, kaya't sinabi niya sa mga alipin na gawin ang eksaktong iuutos sa kanila ni Jesus. (Juan 2:1-5).

2.3 Ilagay natin ang ating sarili sa kamay ng Guro. Isuko ang lahat sa Panginoon: ang ating mga alalahanin, kakulangang pinansyal, o nasirang relasyon. Nagagawa Niya ang makapangyarihang mga bagay na higit sa ating inaasahan. "Ipagkatiwala ninyo sa Kanya ang inyong mga alalahanin sa buhay sapagkat Siya ay nagmamalasakit sa inyo" (1 Ped 5:7).

2.4 Itaas natin ang ating lahat kay Jesus. " Magbigay kayo at bibigyan kayo ng Diyos; hustong takal, siksik, liglig, at umaapaw pa ang ibibigay sa inyo. " (Lucas 6:38). Sa katunayan, kung nagbibigay tayo nang may galak sa ating mga puso, gagantimpalaan tayo ng Panginoon ng isandaang ulit.

**Konklusyon:**

Mamuhay tayo ayon sa Salita ng Diyos at ganap na magtiwala at manalig sa Kanya. Alam na ng Diyos kung ano ang gagawin sa ating buhay. Mangyayari ang mga himala kung hindi natin hahadlangan ang plano at banal na kalooban ng Diyos para sa atin.

**Pagninilay:**

1. Ilang beses ka nang nabigo dahil ginagamit mo ang iyong sariling kakayanan?
2. Katulad ka rin ba ni Pedro? Kahit na may pagdududa ka, ay sumunod ka ba kay Jesus?

**Scribes Ministry**:
Isinalin ni: Sis Mayflor Barcita
Na-edit ni: Sis Nida A. Cruz
Para sa higit pang mga turo, bisitahin ang*websites*:
https://lordsflock.org/teachings/digests
Mga tag: *#KaloobanNgDiyos*